



Walang nakapirming address?

Maaari pa kayong magparehistro para bumoto!

Humiling ng card sa pagpaparehistro bilang botante mula sa Departamento ng mga Eleksyon o magrehistro online sa registertovote.ca.gov.



SAN FRANCISCO
ELECTIONS

(415) 554-4310

sfelections.org

Anong address ang maaari kong gamitin?

Isulat kung saan kayo nakatira sa pamamagitan ng pagbigay ng interseksyon ng mga kalye kung saan kayo karaniwang naninirahan.

Maaari ba akong gumamit ng P.O. Box o address ng negosyo bilang address ng tirahan?

Hindi. Dahil ang tinitirhan ninyo ang magtatakda kung anong mga labanan at kandidato ang lalabas sa inyong balota.

Maaari ba akong gumamit ng P.O. Box o address ng negosyo bilang address na pang-koreo?

Oo. Kung nais ninyong matanggap ang inyong balota at iba pang mga opisyal na materyales na pang-eleksyon sa pamamagitan ng koreo, maaaring gumamit ng P.O. Box o address ng negosyo bilang address na pang-koreo.

Paano ko matitiyak ang aking rehistrasyon?

Para ma-check ang katayuan ng inyong rehistrasyon bilang botante sa San Francisco, gamitin ang Pagtiyak sa Katayuan ng Rehistrasyon bilang Botante sa [sfelections.org/reglookup](https://www.sfelections.org/reglookup) o tawagan/bisitahin ang aming tanggapan.

Sabik ba kayong makibahagi?

Magtanong sa amin kung paano maging isang Manggagawa sa Botohan, at mga oportunidad para sa pansamantalang trabaho!